



Auerbach International

Translations Express™



ANG KALAMANGAN NG AUERBACH....

Sa mahigit 15 taon, ang Auerbach International / Translations Express™ lamang ang tanging kompaniya ng lengguwahe sa Hilagang Amerika na nakakapag-bigay ng kakaibang kombinasyon ng mga benepisyo sa lahat ng kompaniya, malaki man o maliit, sa lahat ng proyekto... malaki man o maliit. Halika at tignan kung papaano kayo makikinabang sa Kalamangan ng Auerbach.

Isang-puntahang Pamimili

Kami ay buong-serbisyong ahensiya ng lengguwahe na humahawak sa:

- Pagsasalin hanggang 80 lengguwahe ng mundo, kasama ang Ingles ng Amerikano
- Interpretasyon (magkasunod o sabay, sa korte, sa pinag-darusan o sa telepono);
- Iba't-ibang lengguwahe ng “desktop publishing” (Quark, Pagemaker, Illustrator, Powerpoint, atbp.);
- Lokasyon ng website;
- Akulturasyon ng mga imahe at terminolohiya para sa inyong target na bansa o rehiyon
- Transkripsiyon (at pagsasalin) ng mga tape sa ibang lengguwahe;
- Pag-dub at “voiceover” ng mga pelikula, CD at tape ng boses;
- Mga proyektong “Multi-Media” (Flash, animasyon, atbp.);
- at marami pang iba....

Sa kabuuan, kapag ang proyekto niyo ay may kasangkot na lengguwahe, maaari naming gawin o alam naming kung papaano ito magagawa.

Bilis

Ang “Translation Express™ Quick delivery” ay parte ng pangalan namin. Magtatrabaho kami 24 oras at sa iba't ibang oras ng mundo kung kinakailangan para maihatid sa inyo ang inyong proyekto bago ang inyong deadline hanggat maaari. Mahigit na labing-limang taon na kami nakakapag-hatid ng mga trabaho sa mas maaga sa oras na inaasahan at umaabot sa mga mahahalagang “deadline” na imposible para sa ibang mga ahensiya.

80 lengguahe

Aminado kami na bihira lamang kayo mangailangan ng Yoruba o Inuktitut, Maori o Khmer, Azeri o Tokulauan, Sesotho o Tebetan. Ngunit kapag kailanganin niyo, magandang malaman kung kanino kayo puwede tumakbo. Siyempre, lagi kaming nagsasalin sa Prances (Canada o Europa); Italyano; Aleman; Español (Mehikano o Latin Amerikano o Europeo); Portuges (Brasilyano o Kontinental); Intsik (para sa Taiwan, Tsina o Hong Kong at lahat ng wika nito); Hapon; Koreano at marami pang iba. Hanggang 80 lengguwahe lahat-lahat, kung saka-sakali mang kailanganin niyo.

Batid naming ang iba't-bang gamit

Ang mga grupo namin na nagsasalin ay sukdulang maasikaso sa kung anong bansa o rehiyon gagamitin ang inyong proyekto dahil ang bokabularyo ay nagbabago-bago ng ibig sabihin depende kung saang bansa ito gagamitin.

Sa Ingles...

- Ang “fag” ay manuligsang termino para sa homoseksuwal sa Amerika ngunit balbal para sa sigarilyo sa Britaniya.
- Maaaring makatanggap ng “raise” sa suweldo ang tao sa Amerika pero sa Britaniya ay “rise” sa suweldo.

Sa Wikang Prances...

- Ang ibig sabihin ng salitang “écoeurant” ay nakakasuklam ngunit sa Quebec ay kamangha-mangha.
- Ang “e-mail” ay “mail” sa salitang Prances ngunit sa Quebec ay “courriel”

Sa Español...

- Ang “bollo” ay tinapay sa España ngunit sa Latinong Amerika ay ari ng babae.
- Ang “saco” ay sako sa España ngunit sa Latinong Amerika ay suweter o diyaket.
- Ang simpleng katagang “tambo” ay isang uri ng bariles sa Mexico at El Salvador, sa rural Peru ito ay isang maliit na tindahan, at sa Argentina ito ay isang bahay ng mga babaeng mababa ang lipad.

Ang mga halimbawang ito ang nagpapakita kung bakit...

- lagi naming kayong tatanungin kung saan lugar papunta ang inyong pinasasaling wika.
- laging mga lokal na tagapagsalita ng lengguwahe ang ginagamit naming mga tagasalin ng wika at tagasuri ng bawat lengguwahe na pagsasalinan; at
- maaring maging mapanganib na magtiwala sa inyong mga sariling tagapagsalita lamang na hindi nababatid ang mga ganitong maseselang patibong sa komunikasyon.

Personal na paglilingkod

Personal na paglilingkod. Kung hindi namin maibigay ito, masyado na kaming lumaki. Ikinalulugod naming makipag-usap sa inyo.

Hindi namin kayo paaantayin. Binabalik namin ang tawag ninyo. Lagi namin kayong

binibigyan ng impormasyon. Ihahatid namin ang serbisyo kapag aming sinabi.

At kami ay nandito lagi upang maglingkod sa inyo.

Sa katunayan, kami lamang ang NAG-IISANG ahensiya ng lengguwahe sa bansa na nagkamit ng parangal para sa kasiyahan ng mga kliyente mula sa Valuestar, isang independienteng taga-ranggong ahensiya, sa loob nang tatlong magkakasunod na taon.

Ang ibang kompaniya ay nag-aanking nagbibigay serbisyo. Tanging kami lamang ang makakapag-patunay nito.

Pandaigdigang Sentro ng Pagbenta

Auerbach International. Ang daigdig ay nasa aming pangalang pang-korporasyon. Kami ay totoong uma-aksiyon na pang-lokal at nag-iisip nang pang-daigdigang, tinatanto kung paano ang inaasintang madla ay tutugon kapag ang inyong proyekto ay maipakita sa bawat isang inaasintang lengguwahe. Naiintidihan namin na kung ano ang maaring magustuhan ng mga Amerikano ay maaaring maka-asiwa sa mga Turko. At kung ano ang manginang sa mga taga-Rusya ay maaring tanggihan ng taga-Romania. Nangangako ba kayong makatitipid sa oras at pera samantalang ang inyong inaasintang kultura ay wala namang pakialam? Ang mga kulay at imahe ba ninyo ay nakaka-inis o nakakalugod? Ang inyong teksto ba ay may angking pangkaraniwan o hindi maisaling wika na mga pahayag?

Aming sinusuri lahat ng pumapasok na proyekto upang makasiguro na ang mga ito ay maging maayos sa inaasintang lengguwahe. Kung ang proyekto ninyo sa Ingles ay may mga maling baybay o bantas o kung ang lengguwahe ay naisulat ng hindi maayos, sasabihin namin kaagad sa inyo. Ang aming layunin ay maging sikat kayo dito at sa ibang bansa.

Maaari ninyong makita ang aming mga Kuwento ng Tagumpay sa aming website at kung paano namin nailigtas ang ibang kliyente sa tiyak na kapahamakan.

Samahang Pagtatrabaho

Papaano ang konsepto, hindi ang eksaktong mga kataga, ay maisasalin ng mabuti para ang ibig sabihin nito ay madaling intindihin ng mga taong babasa nito o makakarinig dito?

Ang pagsalin ng wika ay isang uri ng sining, hindi eksaktong siyensa. Alam namin na ang inyong mga taga-distribusyon, mga kinatawan sa pagbebenta at mga opisina sa ibayong dagat ay mas naiintindihan ang inyong mga produkto kaysa sa amin. Kaya naman pinagpapahalagahan namin ang kanilang samahan. Sinisimulan namin ang bawat proyekto sa pagpapatubo ng glosaryo ng termino galing sa inyong texto at pagmungkahi kung papaano namin sasabihin ang bawat termino sa inyong inaasintang lengguwahe.

Kung may sapat na oras, tatanungin namin ang grupo na nasa kinalalagyan ninyo para sa kanilang suhestiyon at pag-iisahin ang kanilang mga nais. Kapag tapos na ang mga nagsasalin ng wika, muli naming tatanungin ang inyong grupo na basahin muli ang aming trabaho at susuriin naming ang kanilang panghuling puna para makasiguro na pinakamahusay ang balarila at pagbaybay, ayos ng mga salita at yari ng mga pangungusap.

Ang mga taga-distribusyon at mga kinatawan niyo sa pagbebenta ay bihasa sa pagpapamahagi at pagbenta. Kami ay bihasa sa pagpapahayag ng lengguwahe.

Pagsusuri ng Pangalan ng Produkto

Kasama sa aming oryentasyon ng Pandaigdigang Merkado, aming inuusisa kasama ng kliyente ang pangalan ng produkto sa bawat merkadong lengguwahe. Maaari kaming magbigay ng payo kung ang pangalan ay may negatibo o positibo na pinahihiwatig, katunog o makakapag-paalala sa mga nakikinig ng namumukod na imahe (katulad ng artista o insekto) at ka-aya-aya sa inaasintang lengguwahe. Maaari din kaming pumili ng potensiyal na pangalan sa ibang lengguwahe base sa pinanggalingang bansa (katulad ng Amerika o Canada) ng produkto at, depende sa dali, maaaring mag-tsek sa mga talaan ng patent kung ang ating mga ideya sa target na lengguwahe ay naka-rehistro na sa “database” ng mga bansang iyon.

Alam namin ang mga tatanungin para mapayapa ang inyong isipan

Kabisado namin ang loob at labas ng negosyo ng lengguwahe. Kung mayroon kaming alinlangan sa inyong mga ibinigay, magtatanong kami sa inyo, at kung may kailangan kami para makompleto ang inyong proyekto na propesyonal, hihingin din namin. Ang inyong sentro ay dapat nasa negosyo niyo. Ang aming sentro ay ang pagtulog sa inyong paglaki.

Walang ibang ahensiya ng lengguwahe na makapagbibigay sa inyo ng ganitong kakaibang kombinasyon ng mga benepisyo. Bakit magtiya-tiyaga sa mas mababa? Sumama sa libo-libong mga kumpanya sa buong mundo sa nakikinabang sa Auerbach Advantage. Tawagan kami para sa libreng estima para sa susunod niyong proyekto.



Auerbach International / Translations Express™

64 Mercedes Way • San Francisco 94127 • USA

Tel + 415 592 0042 • Fax + 415 592 0043

translations@auerbach-intl.com

www.auerbach-intl.com